Buntis ako

sa **SAN FRANCISCO**

pagbubuntis + TRABAHO KO

tingnan ang likodna bahagi para sa bagong magulang

Mayroon akong mga karapatan na may kaugnayan sa:

PROTEKSYON SA TRABAHO

Kailangang lumiban sa iyong trabaho?

$ PAMALIT SA SUWELDO

Kailangang kumita habang hindi ka nagtatrabaho?

= MGA TULONG AT PAGKAKAPANTAY-PANTAY

Kailangan ng mga tulong? Nahaharap sa diskriminasyon?

ANG MGA BATAS NA ITO AY MAAARING MAKATULONG:	Dahil ang mga ito ay nagbibigay ng:	Narito ang dapat gawin:
PDL **PAGLIBAN SA TRABAHO DAHIL SA PAGBUBUNTIS** · 5+ na mga empleyado · Kung karapat-dapat sa pareho, sabay na pagaganahin bilang FMLA na pagliban	• Nang hanggang 4 na buwang pagliban nang hindi aalisin sa trabaho at hindi babayaran habang pagliban habang hindi makakapagtrabaho dahil sa pagbubuntis, panganganak o may kaugnayang kondisyon • Pagpapatuloy ng mga benepisyong pangkalusugan	**Humiling sa iyong employer**
FMLA / CFRA **BATAS SA PAGLIBAN SA TRABAHO DAHIL MAY SAKIT ANG KAPAMILYA/ BATAS SA MGA KARAPATAN NG PAMILYA SA CALIFORNIA** · 1+ taon ng serbisyo · 1250+ oras ng trabaho sa nakaraang taon · 50+ na mga empleyado sa 75 milya	• 12 linggo ng bonding leave (pagliban para makasama ang sanggol) nang hindi aalisin sa trabaho sa loob ng 1 taon matapos manganak pagkatapos matapos ang hindi pagtatrabaho dahil sa pagbubuntis • Pagpapatuloy ng mga benepisyong pangkalusugan	**Humiling sa iyong employer**
SDI **INSURANCE NG ESTADO PARA SA MAY KAPANSANAN** · Hindi makapagtrabaho, o hindi masyado makapagtrabaho dahil sa kapansanan · Binabayaran sa SDI sa panahon ng base period	• Hanggang 55% ng lingguhang suweldo para sa pinakamataas na 52 linggo, pagkatapos ng 1-linggong panahon ng paghihintay	**Mag-apply sa www.EDD.ca.gov**
PFL **MAY BAYAD NA PAGLIBAN SA TRABAHO PARA SA MGA BAGAY NA MAY KAUGNAYAN SA PAMILYA** · Lumiban sa trabaho para makasama ang bagong panganak na sanggol, bagong ampon o bagong kinakalingang bata · Binabayaran sa SDI sa panahon ng base period	• Hanggang 55% ng suweldo linggu-linggo para sa pinakamataas na 6 na linggo (maaaring kunin nang pahinto-hinto)	**Mag-apply sa www.EDD.ca.gov**
SF PPLO **MAY BAYAD NA PAGLIBAN SA TRABAHO PARA SA PAGIGING MAGULANG SA SF** · Tumatanggap ng PFL para makasama ang anak · 180 araw ng trabaho · Nagtatrabaho nang 8 oras at 40% ng oras linggu-linggo sa SF · 35+ na empleyado (20+ sa 1/1/18)	• Dipresensya sa pagitan ng PFL at karaniwang suweldo linggu-linggo para sa pinakamataas na 6 na linggo, hanggang sa limitasyon (maaaring kunin nang pahinto-hinto)	**Humiling sa iyong employer**
	• Proteksyon laban sa paghihiganti	**Pumunta sa sfgov.org/pplo**
SF PSD **MAY BAYAD NA ARAW NG PAGLIBAN SA TRABAHO SA DAHIL SA SAKIT SA SF** · Nagtrabaho nang kahit 90 araw · May sakit o mga medikal na appointment	• Makakakuha ng 9 araw (kung 10+ empleyado); 5 araw (kung mas mababa sa 10)	**Humiling sa iyong employer**
	• Proteksyon laban sa paghihiganti	**Pumunta sa sfgov.org/olse/pslo**
FEHA / LAL **BATAS SA PATAS NA PAGTATRABAHO AT PABAHAY** · 5+ na mga empleyado **BATAS SA MGA KALUWAGAN SA PAGPAPASUSO**	• Mga pagbabago sa paraan na ginagawa mo ang iyong trabaho, paglipat, o karagdagang bakasyon bilang isang makatwirang kaluwagan para sa pagbubuntis • Pahinga at pribadong espasyo (hindi banyo) para sa pagpapalabas ng gatas sa suso	**Humiling sa iyong employer**
	• Proteksyon laban sa diskriminasyon, pangha-harass, at paghihiganti	**Pumunta sa dfeh.ca.gov o dlse.ca.gov**

PAANO ITO MAAARING GUMANA

Kailangan ni Lisa ng 4 na linggong pagliban sa trabaho bago siya manganak at 6 na linggong pagliban sa trabaho para magpaggaling. Pagkatapos noon, kailangan niya ng 12 linggong pagliban sa trabaho para makasama ang kanyang bagong panganak na sanggol.



May MGA TANONG ?
Tumawag sa **800-880-8047**
legalaidatwork.org

LEGAL AID AT WORK

Hindi matitiyak ng Legal Aid at Work na bago ang impormasyong ito o na magiging responsable sila para sa anumang paggamitan nito. Na-print sa tulong ng Sangay ng Batas sa Paggawa at Trabaho ng State Bar ng California.

Ako ay bagong magulang sa SAN FRANCISCO

pagiging magulang + TRABAHO KO

tingnan ang likodna bahagi para sa Buntis ako

Mayroon akong mga karapatan na may kaugnayan sa:

PROTEKSYON SA TRABAHO

Kailangang lumiban sa iyong trabaho?

PAMALIT SA SUWELDO

Kailangang kumita habang hindi ka nagtatrabaho?

MGA TULONG AT PAGKAKAPANTAY-PANTAY

Kailangan ng mga tulong? Nahaharap sa diskriminasyon?

ANG MGA BATAS NA ITO AY MAAARING MAKATULONG:	Dahil ang mga ito ay nagbibigay ng:	Narito ang dapat gawin:
FMLA / CFRA — KUNG GUSTONG MAKASAMA ANG BAGONG ANAK O AALAGAAN ANG: anak, magulang, asawa, kinakasama		
BATAS SA PAGLIBAN SA TRABAHO DAHIL MAY SAKIT ANG KAPAMILYA/ BATAS SA MGA KARAPATAN NG PAMILYA SA CALIFORNIA · 1+ taon ng serbisyo · 1250+ oras ng trabaho sa nakaraang taon · 50+ na mga empleyado sa 75 milya	• Walang bayad na pagliban na hindi aalisin sa trabaho para sa pinakamataas na 12 linggo para makasama ang bagong panganak na sanggol, bagong ampon o bagong kinakalingang bata sa loob ng unang taon, o para alagaan ang kapamilyang may malubhang sakit • Pagpapatuloy ng mga benepisyong pangkalusugan	Humiling sa iyong employer
FSPA — anak		
BATAS PARA PAYAGANG LUMIBAN SA TRABAHO PARA SAMAHAN ANG MGA ANAK SA AKTIBIDAD SA PAARALAN · 25+ na mga empleyado · Maaaring gamitin ng magulang, tagapag-alaga, pangalawang magulang, foster na magulang, lolo o lola o tumatayong mga magulang sa isang bata.	• Walang bayad na pagliban nang hindi aalisin sa trabaho para sa pinakamataas na 40 oras bawat taon para: maghanap o mag-enroll sa pangangalaga ng bata o paaralan; paglahok sa pangangalaga ng bata o mga aktibidad sa paaralan; at/o tugunan ang pangangalaga sa bata o emergency sa paaralan • Maliban kung para sa mga emergency, maaaring gumamit ng limitasyon ang employer nang 8 oras bawat buwan	Humiling sa iyong employer
PFL — anak, magulang, biyenan, asawa, kinakasama, kapatid, lolo o lola, apo		
MAY BAYAD NA PAGLIBAN SA TRABAHO PARA SA MGA BAGAY NA MAY KAUGNAYAN SA PAMILYA · Lumiban sa trabaho para makasama ang bagong panganak na sanggol, bagong ampon o kinakalingang bata sa loob ng unang taon, o para alagaan ang kapamilyang may malubhang sakit · Binabayaran sa SDI sa panahon ng base period	• Hanggang 55% ng lingguhang suweldo para sa pinakamataas na 6 na linggo, pagkatapos ng 1-linggong panahon ng paghihintay (maaaring kunin ng pahinto-hinto)	Mag-apply sa www.EDD.ca.gov
SF PPLO — anak		
MAY BAYAD NA PAGLIBAN SA TRABAHO PARA SA PAGIGING MAGULANG SA SF · Tumatanggap ng PFL para makasama ang anak · 180 araw ng trabaho · Nagtatrabaho nang 8 oras at 40% ng oras linggu-linggo sa SF · 35+ na empleyado (20+ sa 1/1/18)	• Dipresensya sa pagitan ng PFL at karaniwang suweldo linggu-linggo para sa pinakamataas na 6 na linggo, hanggang sa limitasyon (maaaring kunin nang pahinto-hinto)	Humiling sa iyong employer
	• Proteksyon laban sa paghihiganti	Pumunta sa sfgov.org/pplo
SF PSD — anak, magulang, asawa, kinakasama, kapatid, lolo o lola, apo, itinalagang tao		
MAY BAYAD NA ARAW NG PAGLIBAN SA TRABAHO SA DAHIL SA SAKIT SA SF · Nagtrabaho nang kahit 90 araw · May sakit, nag-aalaga para sa may sakit na anak o mga medikal na appointment	• Makakakuha ng 9 araw (kung 10+ empleyado); 5 araw (kung mas mababa sa 10)	Humiling sa iyong employer
	• Proteksyon laban sa paghihiganti	Pumunta sa sfgov.org/olse/pslo
SF FFWO — anak, magulang na mahigit sa 65, sinumang kapamilya na malubha ang sakit		
ORDINANSA NG SF PARA SA LUGAR NG TRABAHO NA NAAANGKOP SA PAMILYA · Nagtatrabaho sa San Francisco · Nagtrabaho nang kahit 6 na buwan · 20+ na empleyado	• Karapatang humiling ng naiaakma o inaasahang ayos ng trabaho para makatulong sa pag-aalaga ng pamilya	Humiling sa iyong employer
	• Proteksyon laban sa diskriminasyon, pangha-harass at paghihiganti	Pumunta sa sfgov.org/olse/ffwo

PAANO ITO MAAARING GUMANA

Kailangan ni Juan ng 12 linggong pagliban sa trabaho para makasama ang kanyang sanggol na anak na babae. Pagkatapos noon, kailangan ni Juan ng naiaakmang iskedyul para tumulong sa pag-aalaga ng anak.



May MGA TANONG? Tumawag sa 800-880-8047
legalaidatwork.org

LEGAL AID AT WORK

Hindi matitiyak ng Legal Aid at Work na bago ang impormasyong ito o na magiging responsable sila para sa anumang paggamitan nito. Na-print sa tulong ng Sangay ng Batas sa Paggawa at Trabaho ng State Bar ng California.